☐改編
☑自編

111 年新北市各級學校東南亞語文競賽
團體朗讀文稿__菲律賓__語 _國小_組 A-1

# Bahay Kubo

Mainit at maulan sa Pilipinas,
mayroong kakaibang bahay,
may apat na paa,
nakataas ang sahig sa lupa,
malamig, presko at ligtas sa baha.
Ito ang nakakatuwang bahay kubo.
Kahit maliit ang bahay kubo, ang halaman doon ay sari-sari,
singkamas at talong, sigarilyas at mani,
sitaw, bataw at patani,
kundol, patola, upo't kalabasa,
at saka mayroon pang labanos, mustasa,
sibuyas, kamatis, bawang at luya,
sa paligid-ligid ay puno ng linga.

May mga alagang aso at tuta sa ilalim ng bahay kubo.
Masayang nag-aagawan ang mga tuta sa pagkain na nalalaglag mula sa sahig na kawayan.
Maglilipat ng bahay sina Ninong at Ninang
Halina! Halina! Mga kapitbahay, magtulungan tayong lahat - isa, dalawa, tatlo!
Gamitin ang kahoy at itaas ang apat na paa ng bahay kubo.
Mula sa tabing-ilog, ililipat sa gitnang bayan.
Masayang naghahabulan sina Susan, Juan at mga tuta,
masayang naglalaro sa tabi ng bahay kubo.